



City of Seattle

# Sweetened Beverage Tax

Pagsuporta sa masusustansiyang pagkain, at kalusugan at paglinang ng mga bata



Simula noong 2018, sinimulan ng Seattle ang pagpapataw ng buwis sa mga produktong inuming pinatamis ng asukal na ipinamamahagi sa loob ng lungsod (**Ordinansa 125324**). Ang Sweetened Beverage Tax (SBT, Buwis sa Pinatamis na Inumin) ay hindi buwis sa pagbebenta na direktang ipinapataw sa mga mamimili. Sa halip, iniaatas ng buwis na ito na magbayad ng buwis (na 1.75 na sentimos bawat onsa) ang mga distributor (tagapamahagi) sa mga produktong inuming pinatamis ng asukal na kanilang ipinamamahagi sa loob ng Lungsod ng Seattle.

## Bakit ipinasa ng Seattle ang buwis na ito?

Ginawa ang buwis na ito upang mapabuti ang kalusugan ng mga residente ng Seattle sa pamamagitan ng pagbawas sa pagbebenta at pagkonsumo ng mga inuming maasukal. Bukod pa rito, pangunahing ginagamit ang kita sa buwis upang suportahan ang mga programa para sa mapagkukunan ng masusustansiyang pagkain, at paglinang at maagang pagkatuto ng mga bata. Ayon sa pananaliksik, ang mga inuming maasukal ay maaaring maging sanhi ng pangmatagalang pagbigat ng timbang, na nagpapataas sa panganib ng pagkakaroon ng **type 2 diabetes**, **mataas na presyon ng dugo**, at sakit sa puso. Sanhi rin ng pagkabulok ng ngipin ang mga inuming maasukal. Ang isang 20 onsa na bote ng soda ay maaaring may mahigit 15 kutsarita ng idinagdag na asukal at mahigit 250 calorie na halos walang sustansiya.

### MGA INUMING PINAPATAWAN NG BUWIS



Mga karaniwang soda



Mga inuming gawa sa prutas



Mga inuming pampalakas at pang-sport



Mga pinatamis na tubig



Mga pinatamis na kape at tsaa



Mga arnibal at walang halong tubig

### MGA INUMING HINDI KASALI SA MGA BINUBUWISAN



Gatas kasama na ang mga galling sa halaman



Mga inuming pangdiyeta



100% na katas



Nakaboteng tubig



Gatas ng sanggol



Mga inuming nakakalasing

Pati na rin ang mga pulbos at wala pang halong tubig na titimplahin pa ng iinom nito, at mga inuming gamot.

ANG 20 ONSA NA SODA ay may

# 15



kutsarita

ng idinagdag na asukal at

# 250

calorie na walang sustansiya



## 1-2 LATA LANG

ng soda kada araw,

TATAAS NA ANG PANGANIB NA MAGKARON NG

type 2 diabetes

# NANG 26%

## Saan napupunta ang pera?

Ginagamit ang kita upang suportahan ang mga programang nagpaparami sa mapagkukunan ng masusustansiyang pagkain at nagpapabuti sa kalusugan, paglinang, at paghahanda ng mga bata sa pagpasok sa paaralan, habang nakasubaybay ang **Sweetened Beverage Tax Community Advisory Board (Lupong Tagapayo ng Komunidad sa Buwis sa Pinatamis na Inumin)**. Para sa detalyadong impormasyon, tingnan ang **Seattle Municipal Code (Kodigong Munisipal ng Seattle) 5.53.055**.

### Mapagkukunan ng Pagkain **61%**



#### Pagpaparami sa pantay-pantay na mapagkukunan ng masusustansiyang pagkain at inumin

Sinusuportahan ng kita sa SBT ang mga ayudang pagkain, programa sa pagkain, at serbisyo ng paghahatid ng pagkain para sa mga pamilya, nakakatanda, at indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng kasiguruhang makakain. Napupunta rin ang mga pondo sa mga programang nagbibigay ng mga sariwa, angkop sa kultura, at lokal na aning prutas at gulay sa mga kabataan sa mga sentro ng komunidad, lugar para sa pangangalaga sa bata, preschool, at paaralan. Ang **Fresh Bucks (Panibagong Pera)**, ay isang programang tumutulong sa mga residente ng Seattle na may mahigpit na badyet na makabili ng masusustansiyang pagkain, na sinusuportahan din sa tulong ng buwis.



#### Pagsulong sa kalusugan sa pamamagitan ng mga proyektong pinangungunahan ng komunidad

Marami sa pagsisikap na pinopondohan ng kita sa SBT ang pinangungunahan at nakalaan para sa mga taong pinakaapektado ng kawalan ng pagkakapantay-pantay sa usapin ng pagkain at kalusugan: Mga Itim, Katutubo, Taong may Kulay, imigrante, refugee, taong may mababang kita, kabataan, at nakakatanda. Kasama sa mga pagsisikap na ito ang programa ng pagkakaloob sa komunidad ng **Food Equity Fund (Pondo para sa Pagkakapantay-pantay sa Usapin ng Pagkain)**, isang **kampanyang pangmasa na pinangungunahan ng mga kabataan** upang isulong ang pagkakaroon ng tubig-inumin, pagkakabit ng maiigiban ng tubig-inumin sa bote sa mga Pampublikong Paaralan ng Seattle, at iba't ibang istratehiyang nagpaparami sa mapagkukunan ng masusustansiya at angkop sa kulturang pagkain at inumin.

Ang Sweetened Beverage Tax sa taong 2021 ay nagbigay ng

**\$20.3M**

para sa mga programa at serbisyong nagpaparami sa mapagkukunan ng masusustansiyang pagkain at inumin, at sumusuporta sa maagang paglinang at pagkatuto ng mga bata.

### Kalusugan at Maagang Pagkatuto ng mga Bata **39%**



#### Pagpaparami sa pantay-pantay na mapagkukunan ng de-kalidad na pangangalaga sa bata

Sa tulong ng kita sa SBT, pinapalawak ang **mga subsidiya ng pangangalaga sa bata** para sa mga nagtatrabahong pamilya, sinusuportahan ang maliit na provider (tagapagbigay) ng **Family Child Care (Pampamilyang Pangangalaga sa Bata)** sa pamamagitan ng pagbisita sa bahay, mga module sa pagsasanay, at tulong teknikal, at nagbibigay ng pagpapayo at pagsasanay sa kalusugan upang makatulong na pagbutihin ang kalidad ng pangangalaga sa sanggol at toddler (mga batang 1-3 taong gulang).



#### Pamumuhunan sa kalusugan at paglinang ng mga bata

Sa taong 2021, inilunsad ng Lungsod ng Seattle ang kauna-unahan nitong **Prenatal-to-Three Community Grants Program (Programang Pagkakaloob sa Komunidad para sa Hindi Pa Naipanganak hanggang sa Tatlong Taong Gulang)** gamit ang kita sa SBT. Sinusuportahan din ng kita ang mga programang nagbibigay ng pagsusuri sa paglinang at suportang panlunas, gaya ng programang Developmental Bridge (Pantulong sa Paglilinang) para sa mga batang may problema sa paglinang o sa isang miyembro ng pamilyang may kapansanan.

